

Սոյն պրօշիւրը կրնաք ունենալ
Արեւմտահայերէնով

本手册有中文版本。

This brochure is available in English.

Cette brochure est disponible en français.

Diese Broschüre steht in deutscher Sprache
zur Verfügung.

Daim ntawv qhia no muaj ua ntawv Hmoob.

本パンフレットは日本語でご利用いただけます。

본 자료는 한국어로 이용하실 수 있습니다.

Эту брошюру можно получить на
русском языке.

Este folleto está disponible en español.

Có tài liệu này bằng tiếng Việt.

**Programang Pinansiyal na
Tulong (Financial
Assistance Program)**

AdventistHealth.org/FAP
1-844-827-5047

AdventistHealth 

Pagkuha ng tulong upang mabayaran ang mga medikal na singil sa iyo

Programang Pinansiyal na Tulong



AdventistHealth 



Sa Adventist Health, masipag kaming nagtatrabaho upang matulungan kang manatiling malusog. Kabilang dito ang pagkakaloob ng tulong kung ikaw ay nahihirapang bayaran ang medikal na singil sa iyo. Dapat kang laging may kakayahang kumuha ng pangangalagang medikal, kahit na sa palagay mo ay hindi mo kayang magbayad.

Kailangan ng tulong sa pagbabayad ng medikal na singil?

Upang malaman kung makakakuha ka ng tulong sa pagbabayad ng medikal na singil sa iyo, kumpletuhin ang isang aplikasyon para sa pinansiyal na tulong. Maaari mong kumpletuhin ito kapag ikaw ay tumatanggap ng pangangalaga o pagkatapos mong matanggap ang singil sa iyo. Gagamitin namin ang impormasyon na ibibigay mo sa pormang ito upang makita kung ikaw ay kuwalipikado para sa tulong sa pagbabayad ng siningil sa iyo.

Sa pangkalahatan:

- Kung ang iyong taunang kita ay mas mababa kaysa o kapantay ng 200% ng kasalukuyang Pederal na Panuntunan sa Kahirapan (Federal Poverty Guideline), ikaw ay maaaring maging kuwalipikado para sa isang buong diskuwento sa mga singil sa iyo.

- Kung ang iyong taunang kita ay mas mataas kaysa 200% ng kasalukuyang Pederal na Panuntunan sa Kahirapan, ikaw ay maaaring maging kuwalipikado para sa isang di-buong diskuwento sa mga singil sa iyo.

Paano ako dapat mag-aplay para sa tulong?

Maaari kang kumuha ng isang lib्रेng kopya ng brochure na ito, ng aming patakaran sa pinansiyal na tulong at ng isang aplikasyon sa iba't ibang wika sa pamamagitan ng:

1. Pagpunta sa lugar ng pagpaparehistro
2. Pagpunta sa aming website (AdventistHealth.org/FAP)
3. Pagtawag sa amin sa 1-844-827-5047
4. Pagpapadala ng liham sa aming address:

Adventist Health

ATTN: Financial Assistance

P.O. Box 677000

Paradise, CA 95967

Matutulungan ka naming kumpletuhin ang porma—hilingin lamang ito. Pagkakumpleto mo ng form, ibigay ito sa isang empleyadong nakatalaga sa pagpaparehistro o ipakoreo ito sa address na nasa itaas.

Paano ninyo ipinapasiya kung magkano ang pinansiyal na tulong na makukuha ko?

Ang halaga ng tulong na makukuha mo upang bayaran ang singil sa iyo ay depende sa iyong pinansiyal na pangangailangan. Kapag naging kuwalipikado ka para sa tulong, ginagamit namin ang mga halagang pangkaraniwang binabayaran ng mga pasyenteng may insurance upang malaman kung magkano ang pababayaran sa iyo para sa pang-emerhensiya at medikal na kinakailangang pangangalaga.